Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-11 NG MAYO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 101-2020

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGBIBIGAY KAPAHINTULUTAN AT KAPANGYARIHAN SA MABUNYING PUNONG LUNGSOD, INH. GILBERT T. GATCHALIAN, NA MAIPATUPAD AT MAGAMIT ANG MGA KAPANGYARIHAN SA ILALIM NG SEKSYON 16 NG REPUBLIC ACT NO. 7160 PARTIKULAR SA PAGGAMIT NG MGA GUSALING PAGMAMAY-ARI NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NG MALOLOS, GAYA NG MALOLOS SPORTS AND CONVENTION CENTER (MSCC), BAGONG LIMANG (5) PALAPAG NA GUSALI AT IBA PA, BILANG PAGTUGON SA COVID-19 PANDEMIC AT HABANG ANG LUNGSOD AY NASA STATE OF PUBLIC HEALTH EMERGENCY /STATE OF CALAMITY.

PANGUNAHING MAY AKDA: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KAMAY-AKDA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO,
KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE,
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO,
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO,
KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA S. DELA CRUZ

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Section 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Lungsod ang pagsusulong sa kagalingang panlahat partikular ang pagtataguyod ng kalusugan ng mga mamamayan;

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Section 458(iv) ng nabanggit na batas na tungkulin ng Sangguniang Panlungsod na magpapasa ng mga kapasyahan na mangangalaga at magbigay proteksyon sa mga mamamayan sa anumang sakuna o hindi magandang resulta nito;

**SAPAGKAT,** ang *"CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID-19)"* na dating kilala bilang 2019-nCoV, na isang *Acute Respiratory Disease*, ay isang nakakahawang sakit;

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyang datos ng Department of Health ay umakyat na sa bilang na sampung libo pitong daan siyamnapu't apat (10,794) ang kaso ng COVID-19 sa bansa at naitalang pitong daan at labing siyam (719) na ang namamatay;

SAPAGKAT, itinatagubilin ng Inter-Agency Task-Force (IATF) COVID-19 ang paghahanda ng bawat Local Government Units ng isang Isolation Facility para sa mga COVID-19 PUI o' Person Under Investigation, Probable at Suspected na may layuning ma-contain ang pagkalat ng COVID-19 Virus sa bawat Bayan at Lungsod;

SAPAGKAT, ang Bagong Limang (5) Palapag na Gusali, Malolos Sports and Convention Center (MSCC), Rural Health Units (RHU's) at iba pang gusaling pagmamay-ari ng Pamahalaang Panlungsod ay maaaring magamit upang makatulong sa paglaban sa COVID-19 o' maging pasilidad bilang Isolation Area;

SAPAGKAT, batay psa din sa Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160, ay binibigyan ng kapangyarihan ang Punong Lungsod na magpatupad ng mga polisiya at hakbangin para sa kapakanan ng mga mamamayan nito;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI — KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI — KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI — KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI — KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI — KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI — KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

SAPAGKAT, pangunahin sa layunin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagprotekta at pagtitiyak ng kaligtasan at kalusugan ng bawat Maloleño.

Sa pamamagitan ng kahilingan ni Kgg. Nino Carlo C. Bautista na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya na, binibigyang kapahintulutan at kapangyarihan ang mabunying Punong Lungsod, Inh. Gilbert T. Gatchalian, na maipatupad at magamit ang mga kapangyarihan sa ilalim ng Seksyon 16 ng Republic Act No. 7160 partikular sa paggamit ng mga gusaling pagmamay-ari ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos, gaya ng Malolos Sports and Convention Center (MSCC), Bagong Limang (5) Palapag na Gusali at iba pa, bilang pagtugon sa COVID-19 Pandemic at habang ang lungsod ay nasa State of Public Health Emergency /State of Calamity.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*05112020